



2013 PUBLIC EXAMINATION

Filipino

Continuers Level

Section 1: Listening and Responding

Transcript

Section 1, Part A

Text 1

Ang inyong pansin po.

Maaatraso ang paglapag ng ating eroplano dahil sa masamang panahon.

Ang mga pasaherong kinakailangang lumipat ng ibang eroplano ay hindi dapat mag-alala. Ang aming tauhan sa paliparan ay kaagad kayong ikukuha ng lugar sa pinaka-unang aalis na eroplano patungo sa inyong destinasyon. Sila na rin po ang bahala sa inyong mga bagahe.

Sagot po namin ang inyong otel at pagkain kung ito'y inyong kailangan.

Paumanhin po sa antalang ito.

Salamat po sa inyong pasensiya at pag-unawa.

Text 2

ENZO: Bilisan mo, Ynez. Kailangan na tayong pumunta sa 'rescue centre'. Kailangang mabilis ang pagresponde ng mga boluntaryong katulad natin sa mga kagipitang ito.

YNEZ: Handa na ako! Kawawa naman 'yung maraming napinsala.

ENZO: Kaya nga dala ko na ang mga kumot at lumang damit. Matagal na akong boluntaryo at alam ko na ang mga kakailanganin nila.

YNEZ: Ako naman may dalang mga kendi para sa mga bata.

ENZO: Kendi? Mas importante ang bigas at mga delatang pagkain. Humingi ako ng donasyon sa mga kapitbahay natin para pambili ng pagkain at gamot.

YNEZ: Naku, baka may mga tagakuha ng litrato doon at mga reporter, kailangang magara ang suot ko. Tama na ba itong suot ko?

ENZO: Bakit napakataas ng takong mo? Mahalagang komportable ang suot mo para mabilis kang kumilos at makatulong.

YNEZ: Eh, kasi baka makita ako doon ng mga kaibigan ko. Siyempre... kailangang maayos naman ang sarili ko. *(pause)* Kuya, bakit pati plaslayt at martilyo dala mo?

ENZO: Kasi, baka may kailangang ayusin. Wala ring ilaw doon, kaya kailangan ng plaslayt. Dapat laging handa!

YNEZ: Talagang naisip mo nang lahat na maaaring kailanganin! *(pause)* Kuya Enzo, hindi ko akalain na marami palang kailangang isipin sa pagtulong sa kapwa. Mabuti na lang at kasama kita.

Text 3

- GURO: Bilang guro mo, kailangang malaman mo na mayroon tayong problema. Ang pangalang ginagamit mo ay iba sa nakalista sa mga papeles ng paaralan. Ano ang dahilan nito?
- ESTUDYANTE: Ah, kasi po ang pangalang nakalista sa paaralan ang nasa ‘birth certificate’ ko.
- GURO: Bakit ibang pangalan ang ginagamit mo? Hindi mo ba alam na mahalagang tama ang iyong iskul rekord?
- ESTUDYANTE: Ah, ganoon po ba? Hindi ko naisip yon. (with a bit of a laugh) Sabi ng Inay ko hirap daw akong isulat ang pangalan ko kaya iniba ng guro ko. Nagustuhan ko naman kasi maganda ang tunog kaya ‘yon na ang ginamit ko simula nuon. Nakakahiya ang tunay kong pangalan.
- GURO: Ngunit hindi legal ito. Hindi ko maunawaan kung bakit hindi mo naging problema ito sa mababang paaralan.
- ESTUDYANTE: Pero hindi naman po ako nagkaproblema. Ang pangalan ko nga sa diploma ay ang palayaw ko. Ok po ‘yon sa nanay at tatay ko.
- GURO: Ay, binigyan mo kami ng problema! Maraming papeles at panahon ang maaaksaya upang maayos ito.
- ESTUDYANTE: Okey lang po, Ma’am. Huwag ninyong problemahin ‘yan. Papalitan ko ang aking pangalan pagdating ko ng labing-walong taon. Tatal ang ambisyon ko po ay makakuha ng posisyon sa pagsasanay para maging mekaniko.

Section 1, Part B

Text 4

MILA: Felipe, ano kaya ang magandang regalo para kay Gng. Morales, ang ating superbisora sa trabaho?

FELIPE: Oo nga pala, Mila, mag-reretiro na siya, ano? Pabango kaya?

MILA: Hindi maaari dahil mangangati siya. Maski nga bulaklak, hindi rin pwede.

FELIPE: Damit o sapatos kaya? Kaya lang, hindi natin alam ang sukat niya. Baka hindi pa niya magustuhan.

MILA: Ah, alam ko na. Bandana siguro dahil mahilig siyang magbandana.

FELIPE: Alam mo ba kung anong kulay ang magugustuhan niya?

MILA: Bughaw siyempre, dahil iyon ang paborito niyang kulay.

Text 5

TINDERA: Halina't mamili dito sa aming palengke! Bili na kayo ng paninda ko, sariwang isda, hipon at mga gulay

MAMIMILI: Ale, ale, magkano ho itong isdang Bangus???

TINDERA: Naku mura lang yan, sampung piso lang ang kilo. Bili na!

MAMIMILI: Naku, eh tila mapula na ang mga mata nitong isda nyo, hindi na sariwa!

TINDERA: Aba, hindi! Sariwang-sariwa yan, bagong huli sa palaisdaan kanina lang! Huwag mo ngang pipindutin ang mga paninda ko at baka malasin ako.

MAMIMILI: Di ko naman pinipindot, gusto ko lang pumili ng malaki at sariwa.

TINDERA: Sige na, suki, ilang kilo ang gusto mo?

MAMIMILI: Eh itong isdang Tilapia, magkano ang kilo nito?

TINDERA: Limampung piso ang kilo nyan.

MAMIMILI: Ang mahal naman. Di ko naman binibili ang buong tindahan nyo.

TINDERA: Mura na yan kahit magtanong ka sa iba. Wala ka nang mahahanap na mas mura pa dyan.

MAMIMILI: Tawad naman, baka puedeng apatnapu't limang piso na rin ang kilo ng Tilapia???

TINDERA: Hay naku, wala pa sa kapital ko yan! Ano ka nababaliw???

MAMIMILI: Ang sama naman ninyong magsalita, eh tumatawad lang naman ako.

TINDERA: Bibili ba kayo o hindi? Kasi marami pang ibang suking naghihintay! Huling turing na yan! Limampung piso ang kilo ng Tilapia!

[Vendor ignores the current buyer and starts persuading another customer.]

Ale, ale, Ms. Philipines, tingin naman dito sa isda ko!

MAMIMILI: *[Annoyed]* Teka muna! Tumatawad pa ako may iba na kayong kausap!

TINDERA: Eh ang barat kasi ninyo!

MAMIMILI: Sige na nga, titingin na lang muna ako sa iba!

Text 6

- PAOLO: Magandang umaga, Gina. Mabuti at dumating ka. Bilang Manedyer ng Teknolohiya, kinakailangang pumirma ka na natanggap mo ang bagong kompyuter.
- GINA: Salamat, Paolo. Tamang-tama ang dating ng kompyuter at nag-aayos tayo ng kanya-kanyang opisina. Pipirmahan ko na ang resibo. Ano ba ang petsa ngayon?
- PAOLO: Lunes ngayon, ika-29 ng Abril 2013. Sana sa pangkat Pananalapi mapunta itong kompyuter na ito. Sabi kasi ni Boss, kailangang-kailangan daw ng pangkat namin yan, upang mapatakbo ang bagong sistema ng pagtutuos.
- GINA: Teka muna at pipirmahan ko lang ang resibo bago natin ilagay sa mesa. Sa Teknolohiya na ito.
- PAOLO: Bakit naman? Ang dami nang kompyuter n'yo. Eh kami sa pangkat Pananalapi, dalawa lang ang gumaganang kompyuter. At meron pa raw bagong manedyer na papasok sa Miyerkules.
- GINA: Sa totoo lang, Paolo, kayong nasa Pananalapi ay palaging nakakakuha ng bagong kompyuter. Mag-iisang taon na ang lahat ng kompyuter sa aming pangkat Teknolohiya.
- PAOLO: Aba, kung hindi sa pangkat namin eh walang perang papasok sa kita ng opisina! Kaya mahalagang sa amin mapunta ang kompyuter na 'yan.
- GINA: Masyado mo namang pinipersonal. Huwag sasama ang loob mo pero tinuruan na kami kahapon kung paano gamitin ang kompyuter na 'yan. Sa katunayan nga eh... ako ang naatasang magturo sa lahat.
- PAOLO: Ah ganoon ba? Eh madali namang matutuhan 'yan. Alam mo bang lahat kami sa pangkat Pananalapi ay marunong nang gumamit ng kompyuter na iyan?!